Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ENERO 29, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Narciso A. Cayos ........ | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco ........ | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |
| Kgg. Bryan R. Lateo ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

KAPASIYAHAN BLG. 012-T'07

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T2007 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 01-T'2007 NG BARANGAY BAGUMBAYAN, BAYANG ITO NA NAGPAPATIBAY NG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON APATNARAAN APATNAPU'T APAT NA LIBO PITONG DAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO AT PITUMPU'T PITONG SENTIMOS (P2,444,792.77).

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 01-T2007 / Ordinansa sa Laang Gugulin BLg. 01-T'2007 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2007 ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa pagsususri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan.

SAPAGKA'T, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Bagumbayan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Alden A. Sulit at Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T2007 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 01-T2007 ng Barangay Bagumbayan, bayang ito na nagpapatibay ng Taunang Badyet para sa taong ito na nagkakahalaga ng P2,444,792.77.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. NARCISO A. CAYOS
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan